Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Mga Pangkalahatang Sanggunian**

**I. PANUTO:** Tukuyin kung ano ang tinutukoy sa bawat pangungusap. Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang. (Maaaring maulit ang sagot.)

| | |
|---|---|
| Atlas | Almanake |
| Diksyunaryo | Ensiklopedia |
| Pangkalahatang Sanggunian | Internet |

_____________________1. Matatagpuan sa pangkalahatang sanggunian na ito ang kahulugan, kasingkahulugan, at kasalungat ng mga salita. Nakasulat din dito ang gabay sa pagbigkas ng salita at ang etimolohiya nito, o ang pinanggalingan ng salita.

_____________________2. Mga tiyak o detalyeng impormasyon tungkol sa mga *endangered* na hayop: pilandok at tigre.

_____________________3.Bukal na impormasyon o karagdagang impormasyon na gabay sa mas malalim na pananaliksik tungkol sa paksa.

_____________________4. Nakikita sa sangguniang ito ang lawak, distansiya, at lokasyon ng mga lugar. Makikita rin dito ang mga anyong tubig at anyong lupa na matatagpuan sa isang lugar. Nakatala rin dito ang mga pangunahing produkto, klima, at iba pang mahahalagang impormasyon tungkol sa isang lugar. P

_____________________5. Kahulugan/Depinisyon ng mga salitang kumandirit, makahulagpos, at pinutakte.

_____________________6. Datos tungkol sa mga endangered species o mga hayp na nanganganib nang maubos katulad ng pilandok.

_____________________7. Ito ay kalipunan ng mahahalagang impormasyon tungkol sa ekonomiya, teknolohiya, edukasyon, politika, kabuhayan, kasaysayan, at iba pa. Nakaayos nang paalpabeto ang mga impormasyong ito at ang ensiklopedya ay binubuo ng maraming tomo.

_____________________8. Lugar na mayaman sa kagubatan.

_____________________9. Matatagpuan dito ang listahan ng mga espesipiko o pangkalahatang impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa katulad ng lagay ng panahon para sa buong taon, petsa ng pagtatanim ng mga magsasaka, listahan ng pagtaas at pagbaba ng tubig sa dagat, pagbabago ng buwan, at iba pang mga datos na karaniwang nakaayos na parang kalendaryo.

_____________________10. Internasyonal na *network* na pang-*computer* at nag-uugnay sa mga indibidwal, institusyon, ahensiya, industriya, at iba pa. Ilan sa mga *website* na maaaring puntahan para sa pananaliksik ay ang Google, Yahoo, Wikipedia, at iba pa.